# Kuwento 11 : Ang Alibughang Anak

Talata sa Bibliya
[Lucas 15:32]

Ngunit kailangan naming magdiwang at magsaya.
Patay na itong kapatid mo. At ngayon ay muli siyang nabuhay.
Nawala siya. At ngayo'y natagpuan na siya.'

Noong unang panahon sa isang maliit na lungsod, mayroong isang ama na may dalawang anak na lalaki.
Sobrang mahal nito ang kaniyang mga anak.
Ang panganay na anak ay masunurin sa kaniyang ama pero ang bunsong anak ay matigas ang ulo at gusto lamang magliwaliw.
Isang araw, ang bunsong anak ay nagdesisyon na mamuhay mag-isa dahil naiisip niya na magagawa niya ang lahat ng kaniyang gustong gawin.
Sinabi ng bunsong anak sa kaniyang ama:
"Ama, ibigay mo sa akin ang manang nararapat sa akin! Gusto kong mamuhay mag-isa!
Kahit na ang ama ay nakaramdam ng lungkot tungkol sa pag-alis ng kaniyang anak, ibinigay pa rin nito ang hating mana sa kaniyang bunsong anak.
Hindi nagtagal, umalis na ang bunsong anak kasama ang mana nito. Ginastos nito ang mana sa mga mamahaling pagkain, at inumin kasama ang kaniyang mga kaibigan.
Bumili rin ito ng mga mamahaling damit at alahas, at nagdamit na para bang isang hari.
Ngunit hindi rin nagtagal, naubos ang mga ari-arian na meron ito.
Kasabay ng pagkawala ng kaniyang pera, ay ang pag-iwan rin ng mga kaniyang mga kaibigan.
Ang bunsong anak ay wala ng pera at nag iisa
Sa panghuli, ang bunsong anak, ay hindi na makatayo at makatagal sa sobrang gutom,
Siya nagpaupahan sa amo.
Ang bunsong anak nasa paghihirap, at bigla niyang naalala ang kaniyang ama.





Gusto nitong makita muli ang kaniyang ama.
Kaya't ang bunsong anak ay bumalik sa lugar kung saan siya nanggaling.
Ngunit ng papalapit nang papalapit siya sa bahay ng kaniyang ama mas nakakaramdam siya ng pag-aalala at pagkabalisa.
Ang bunsong anak ay naglakad papunta sa bahay ng kaniyang ama habang umiiyak.
Ngunit malayo pa lang ito, nakita na agad siya ng kaniyang ama.
Naghihintay ang kaniyang ama araw-araw sa pagbabalik ng kaniyang bunsong anak na umalis.
Nang makita niya ang kaniyang anak, agad itong tumakbo at niyakap niya siya ng mahigpit.
Tinawag ng ama ang kaniyang mga utusan.
"Dali, dalhin ninyo ang pinakamagandang damit at isuot ito sa aking anak. Suotan din ninyo ito ng singsing at sandalyas!
Dalhin at katayin ninyo ang pinatabang guya. Sama-sama tayong magsaya at magdiwang!"
Naghanda ang ama ng pagdiriwang at nagsaya sa pagbabalik ng kaniyang anak.
Naramdaman ng bunsong anak ang walang hanggang pagmamahal ng kaniyang ama.



**Gawain 1.** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

a. Bakit gusto ng nakababatang anak na umalis ng bahay?

---

b. Ano ang ginawa ng ama araw-araw pagkatapos umalis ng bahay ang nakababatang anak?

---

c. Basahin ang Lucas 15:11-32 at sagutin: Ano ang ginawa ng ama sa nakababatang anak nang siya ay bumalik?


---

- Basahin at isaulo ang talata sa Bibliya. (Lucas 15:32)


> Ngunit kailangan naming magdiwang at magsaya. Patay na itong kapatid mo.
> At ngayon ay muli siyang nabuhay

**Gawain 2.** Humanap ng 5 nakatagong larawan sa mga sumusunod na larawan.

▶ sulat, bituin, puso, kandila, brilyante.



**Gawain 3.** Pag-isipan ang natutunan natin ngayon at kulayan ang larawan sa ibaba.



www.kidsworship.kr

Ministerio de Publicación Cristiano

Pangalan :